

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Hunyo 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Malapit nang maging estabilisado ang mga kundisyon sa pagmamanupaktura noong Mayo

Key findings

Matinding paghina ng output, samantalang bahagya lang na bumabagsak ang mga bagong order

Nagbunsod sa pag-iipon ng stock ng input ang mga pagkaantala ng paghahatid ng supplier

Pinakamabilis na tumaas ang mga presyo ng pagbebenta sa loob ng dalawa't kalahating taon

Ang data ng Mayo 2021 ay nakolekta noong 12-21 Mayo 2021.

Nagpakita ang data ng survey noong Mayo ng mas mahinang pagbagsak sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, habang unti-unting nagiging estabilisado ang mga kundisyon sa pagpapatakbo. Mas mabagal ang paghina ng output, samantalang bahagyang contraction lang sa mga bagong order ang naitala. Muling kumaunti ang bilang ng mga tauhan, kung saan binabanggit ng mga panellist ang mga pressure na magtipid. Gayunpaman, nagawa ng ilang kumpanya na matugunan ang mga bagong order kasabay ng pagluwag ng mga panuntunan ng Enhanced Community Quarantine (ECQ), na pinaiiiral upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, sa ilang rehiyon, na nagbigay-daan sa mga pabrikang ituloy ang kanilang mga pagpapatakbo at lalong mabawasan ang mga backlog ng trabaho. Gayunpaman nanatiling kapansin-pansin ang mga pressure sa supply chain, kung saan kapansin-pansin ang paghaba ng mga tagal ng paghahatid. Tiningnan ng mga kumpanya kung mababawasan ang mga epekto ng mas mahahabang lead time sa pamamagitan ng pag-iipon ng mga safety stock.

Hinggil sa presyo, matindi ang inflation ng presyo ng input, ngunit bahagyang bumagal ang pagtaas kumpara sa nakita noong Abril. Sa gitna ng mga pagsisikap na protektahan ang mga profit margin, ipinasa ng mga kumpanya sa mga kliyente ang bahagi ng mas matataas na gastos sa raw material, kung saan pinakamabilis na tumaas ang mga presyo sa pagbebenta magmula Nobyembre 2018.

Tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa 49.9 noong Mayo mula 49.0 noong Abril, na nagtatala nang mas mababa sa neutral na 50.0 puntos na naghihiwalay sa expansion at contraction.


Bumagsak nang matindi ang mga volume ng produksyon noong Mayo, kung saan itinuturo ng mga kumpanya sa mga pagsasara ng negosyo at kakulangan sa materyales ang pagkaunti. Kaugnay nito, bumagal ang pagbagsak kumpara sa nakita noong Abril, kasabay ng muling pagbabalik-operasyon ng mga pabrika sa ilang lungsod. Samantala, ang mga pagsisikap na mag-iipon ng mga safety stock ay humantong sa mas mabagal na pagbagsak sa aktibidad ng pagbili.

Sa kabila ng lalong pagkaunti ng mga bagong order, nagkaroon ng mga pahiwatig na ang pangkalahatang situwasyon ng demand ay bumubuti kasabay ng bahagya lang na pagbagal ng pagbagsak. Mabilis na dumami ang mga bagong order mula sa ibang bansa, sa tulong ng pagluwag ng mga pandaigdigang paghihigpit.

Patuloy na kumaunti ang lakas-manggagawa, kung saan matindi ang

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Naitulak ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at mga panuntunan ng ECQ noong nakaraang buwan ang ekonomiya ng Pilipinas na bumalik sa contraction. Samakatuwid, ikatutuwa ang data ng PMI noong Mayo dahil nagpakita ito ng mabilis na pagsulong sa estabilisasyon kung saan nagbabalik-operasyon na ang ilang negosyo. Ang mas mababagal na pagbagsak sa output at mga bagong order ay nagpahiwatig ng hakbang tungo sa tamang direksyon, habang nasuportahan din ng panibagong pagtaas ng demand mula sa ibang bansa ang sektor.

"May mga pahiwatig din na maayos na nakatutugon ang mga nagmamanupaktura sa mga isyu sa supply dahil patuloy na naiipon ang mga safety stock, at nakakatulong itong mapigilan ang mga backlog sa ngayon.

"Kaugnay nito, bagama't patuloy na nababawasan ng mga kumpanya ang nakabinbing negosyo, nahaharap ang mga ito sa matitinding pressure ng inflation. Bahagyang nakaapekto sa mga profit margin ang mga bottleneck sa transportasyon at limitadong availability ng materyales. Ipinapahiwatig ng pagtaas sa mga singil sa pagbebenta at pagkaunti ng lakas-manggagawa na nais kontrolin ng mga kumpanya ang mga tumataas na gastos.

"Gayunpaman, nagsisikap ang mambabatas na makakuha ng sapat na bakuna upang mabakunahan ang malaking bahagi ng populasyon. Gayunpaman, dapat bumilis ang pamamahagi ng bakuna upang maiwasan ang isa na namang paghihigpit ng mga panuntunan at upang mahikayat ang muling pagbangon ng ekonomiya."


contraction, ngunit bahagya itong bumagal kumpara sa nakita noong Abril. Isang kumbinasyon ng mga pagsisikap na magtipid at mga boluntaryong pagbitiw ang diumanong nagbunsod sa pagbagsak. Sa kabila nito, mabilis na nabawasan ang mga nakabinbing negosyo, kung saan ang pinakabagong contraction ang pinakamabilis sa loob ng limang buwan. Batay sa mga pahayag, ang muling pagbubukas ng ilang negosyo ang nagbigay-daan sa mga kumpanyang makipagsabayan sa demand.

Patuloy na naapektuhan ng mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 ang mga supply-chain. Lalong humaba ang mga lead time noong Mayo sa isa sa mga pinakakapansin-pansing paghaba sa halos lima't kalahating taong kasaysayan ng serye. Ang mga kakulangan ng materyales at bottleneck sa transportasyon ang madalas na binabanggit ng mga tumugon na ikinakaantala ng mga paghahatid ng input.

Sa gitna ng mga pagsisikap na bawasan ang mga epekto ng mga pagkaantala at mga inaasahang mas malaking demand sa mga paparating na buwan, nagdagdag sa kanilang mga hawak na imbentaryo ng input ang mga producer ng mga produkto sa Pilipinas noong Mayo. Mabilis ang paglago at napalawig nito sa limang buwan ang sunud-sunod na expansion. Gayunpaman, malawakang naging estabilisado ang mga stock pagkatapos ng produksyon.

Patuloy na naitutulak pataas ng kakulangan ng raw material, at abala sa supply-chain ang mga pasaning gastos ng mga kumpanya, kung saan nananatiling matindi ang inflation ng presyo ng input. Bahagyang bumagal ang pagtaas kumpara sa nakita noong Abril ngunit nanatili itong mas mataas kaysa sa matagal nang average ng serye. Ang nagpapatuloy na pagtaas ng mga gastos ay nakahikayat sa mga kumpanyang ipasa ang bahagi ng pasanin, kung saan tumaas ang mga singil sa pagbebenta sa pinakamataas na naitala magmula Nobyembre 2018.

Nananatiling positibo ang pananaw ng mga kumpanya hinggil sa kanilang mga inaasahan sa output sa loob ng susunod na 12 buwan. Nagbigay ng pag-asa ang programa ng pagbabakuna na babalik na sa normal ang mga sitwasyon sa susunod na Mayo. Kaugnay nito, ang kumpiyansa ay mas mababa sa matagal nang average ng serye, kung saan batay sa mga pahayag ay patuloy ang pag-aalala ng ilang kumpanya sa mga pangmatagalang implikasyon ng pandemya.



Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Mayo 2021 ay nakolekta noong 12-21 Mayo 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakatbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.